


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 1

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ika-apat na Markahan – Modyul 2:

### "Ate at Kuya, Susundin Ko"



**Pangalan:**___________________________________

**Baitang at Seksyon:**___________________________

**Paaralan:**___________________________________



# Alamin

Sino–sino pa sa mga kasapi ng inyong pamilya ang kailangan mong sundin? Gaano kahalaga ang pagkamasunurin sa magulang at sa nakatatandang kapatid?

Sa modyul na ito mauunawaan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagiging masunurin sa mga utos ng nakatatandang kapatid.

**Kasanayang Pampagkatuto:**

Nakasusunod sa utos ng mga nakatatandang kapatid. (EsP1PD-IVa-c-1)



# Subukin

**Panuto**: Iguhit ang puso (♡) kung ang pangungusap ay nagsasabi ng dapat mong gawin kung inuutusan at tatsulok (△)kung hindi.

_____1. Susunod kaagad kung ako ay uutusan.

_____2. Sasabihin ko na iba nalang ang uutusan.

_____3. Ako ay magbingi-bingihan kapag inuutusan.

_____4. Tatakbo akong palayo sa Ate kong nag-uutos.

_____5. Ititigil ko ang aking ginagawa at gawin ko ang iniutos ni Kuya.

| Modyul 2 | Kuya at Ate: Susundin Ko |
| --- | --- |



## Balikan

Ang nakaraang pinag-aralan natin ay tungkol sa pagkamasunurin sa magulang sa pamamagitan ng pagsunod ng maluwag sa kalooban sa kanilang mga utos.

**Panuto**: Isulat sa patlang ang **<u>Tama</u>** kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng pagkamasunurin at **<u>Mali</u>** kung hindi.

_______1. Kinuha at ibinigay mo ang tsinelas ni tatay ng inutusan ka.

_______2. Masaya mong ginawa ang iniutos ni nanay na mamulot ng tuyong dahon sa bakuran.

_______3. Hindi ka kumibo nang inutusan ka ni tatay na magbunot ng sahig.

_______4. Sinunod mo ang bilin ni nanay na huwag makikipagkwentuhan sa oras ng klase.

_______5. Ginawa mo agad ang utos nina nanay at tatay na tumulong sa paglilinis ng bahay.



## Tuklasin

Basahin at unawain kung paano mo maibabahagi sa iyong nakatatandang kapatid ang mga paraan upang maipakita ang pagiging masunurin sa kanila.

- Gawin ng maluwag sa kalooban ang kanilang mga utos.
- Sundin kaagad ang mga utos ng nakatatandang kapatid.



# Suriin

**Tandaan**

Ang pagkamasunurin natin sa ating nakatatandang kapatid ay nagbibigay ng saya at nagdudulot ng pagkakaisa sa buong pamilya. Dahil dito magkakasundo at mapayapa ang inyong pagsasama sa pamilya.



# Pagyamanin

**Panuto**: Basahin ang bawat sitwasyon at sabihin kung ano ang dapat mong gawin.

_____1. Inutusan ka ng Ate mo na kunin ang krayola sa kanyang bag.

Ano ang gagawin mo?

A. Kukunin ko ang krayola.
B. Baliwalain ang utos ni Ate.
C. Aalis ako at maglalaro.

_____2. Inutusan ka ni Kuya na kumuha ng isang basong tubig dahil iinom siya ng gamot.

Ano ang gagawin mo?

A. Sasabihing siya na ang kumuha.
B. Ipapagawa ko nalang kay Ate.
C. Agad kong susundin ang utos ni Kuya.

_____3. May paparating na ulan. Tinawag ka ni Ate upang magpatulong sa pagkuha ng mga sinampay.

Ano ang dapat mong gawin?

A. Tatakbo sa labas upang maligo sa ulan.
B. Hahayaan ko siyang mag-isang gagawa.

C. Pupuntahan ko nalang siya at tutulungan.

______4. Nanonood ng paboritong teleserye si Ella nang tawagin siya ng kanyang kuya upang matulog na.

Ano ang gagawin ni Ella?
A. Huwag pansinin si kuya.
B. Dadabogan si kuya.
C. Tatalima sa gusto ng kuya.

______5. Sasali ka sa Kab Scout Palaro sa inyong paaralan. Inutusan ka ng ate mo na magsuot ng uniporme.

Ano ang sasabihin mo kay ate?
A. Opo ate.
B. Ayaw ko.
C.Hindi na ako sasali.



## Isaisip

**Panuto**: Gumuhit ng bilog (◯)kung masunurin ang isinaad ng pangungusap at parisukat (□) kung hindi.

______1.Inutusan ka ni ate na hugasan ang baso at agad mong ginawa.

______2.Inatasan ka ni kuya na tulungan mo siya sa pagpunas ng mesa at iyon ang ginawa mo.

______3.Kapag sinunod mo ang mga utos ng nakatatanda mong kapatid magkaroon kayo ng matiwasay at mapayapang pamilya.

______4. Hindi mo pinansin ang tawag ni kuya na tulungan mo siyang magpatuka ng pato.


_____5.Sinabihan ka ng ate mo na pagkatapos mong maglaro iligpit ang inyong mga laruan sa lalagyan at sinunod mo ito.



## Isagawa

**Panuto:** Kulayan ang larawan ayon sa iminungkahing kulay.

| |
|---|
| Inutusan ka ni kuya na kulayan ang larawan ng batang nagpakain ng kanyang alagang aso. |




Rubrics:

5 – 4-5 ang tamang kulay na ginamit.
3 - 2-3 ang tamang kulay.
1 Nakulayan pero hindi tama ang pagkagamit.
0 – Walang nakulayan.



## Tayahin

**Panuto:** Piliin ang larawan na angkop sa ibinigay na utos at isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

A




By Pieter de Hooch - The Wallace Collection, Public Domain, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=20970345

B



By CAWST - https://www.flickr.com/photos/gtzecosan/19903143452/, CC BY 2.0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=41792573

C



D



By Natalie Choi - Own work, CC BY-SA 4.0, https://commons.wikimedia.org/w/i

E



Byslgckgc - Doing the ALS Ice Bucket Challenge, CC BY 2.0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=34806233

_____1. Inutusan ni nanay si Amado na maghatid ng baon para kay itay.
_____2. Maligo ka muna sabi ni ate.
_____3. Ugaliin ang palagiang paghugas ng kamay bunso.
_____4. Sabi ni inay magdasal muna bago kumain.
_____5."Sagutan mo na ang iyong aralin", sinabihan siya ni kuya.



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Iguhit sa sagutang papel ang iyong sagot.

| |
|---|
| Nagwawalis si ate sa bakuran. Inutusan kang kumuha ng sako upang ito'y lalagyan ng basura. |

Alin sa mga larawan ang nagpapakita na sinunud mo ang utos ni ate?







# Sanggunian


https://docplayer.net/docs-images/87/96269937/images/36-3.jpg

https://thumbs.dreamstime.com/b/coloring-book-child-feeding-ducks-vector-image-duck-

https://i.pinimg.com/originals/9c/8a/ac/9c8aac31de29545c7de6484d5e3a262f.jpghttps://www.surfhttps://encrypted-

tbn0.gstatic.com/images?q=tbn:ANd9GcTojwaq3YmjBYZ-https://image.shutterstock.com/z/stock-vector-illustration-of-a-woman-washing-dishes-

https://docplayer.net/docs-images/87/96269937/images/

https://image.shutterstock.com/z/stock-vector-illustration-of-a-woman-washing-dishes-

https://www.surfnetkids.com/coloring/images/girl_dog.gif

hellokids.com/c_5105/coloring-pages/cartoon-coloringpages/noddy-coloring-pages/noddy-hand-https://thumbs.dreamstime.com/z/little-boy-sweeping-floor-coloring-page-hand-drawn-cute-leaves-https://encrypted-tbn0.gstatic.com/images?q=tbn:ANd9GcTojwaq3YmjBYZ-ESXJ_6w53E_v5fbK_nILyw&usqp=CAU



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Daylinda P. Ragadio
Master Teacher II
Ipil Central Elementary School
Zamboanga Sibugay Schools Division

Editor : Falconeri R. Enoy

Tagasuri : Jerlyn Faith B. Gitalan, Romelyn Enojardo

Mona Lisa M. Babiera, Ed.D
*Education Program Supervisor*

Tagalapat: Daylinda P. Ragadio

Tagapamahala:

Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A. Santisas
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*